

# Prologue

**I**f you were given a chance, will you go back and change anything in your life at all?”

He looked appalled right after the young man asked him that question. It’s not a major interview, it was not even for a business magazine. Para lang iyon sa Research subject nito.

Sandro Reyes looked at the young man in front of him. Maybe he’s in his early twenties. He looked promising. He looked like a man with too many dreams and maybe, this young man was just like the boy he once knew—too many dreams, too little time, too little resources... so that boy he knew just let all his dreams go.

He smiled. “Time’s up, Mr...”

“Escueta, Sir. Lionel Escueta. Thank you so much for your time.”

Sandro stood up to shake the hand of that young man who interviewed him and smiled at him. He then called his secretary, Donna, to escort Lionel out of his office.

“Good luck on your thesis, Mr. Escueta. I hope to see you soon.”

He was being formal. He had always been formal. Sa

lahat ng tao ay ganoon siya. He never let anyone see the real person inside of him.

He knew that people around him call him names, but he didn't really care. He had been living his life this way for a very long time.

“Are you alright, Sandro?” Donna asked.

He looked at her. Donna had always been his everything—they're not romantically involved but frankly speaking, hindi niya alam ang gagawin niya kung wala si Donna sa kanyang tabi. She knew everything there was to know about him. They had known each other for twenty-three years, and she could practically read his mind.

“I am, Donna. I just feel so bad that I wasn't able to answer the boy's last question.”

“What was it?”

“Given a chance, if I could go back, will I change anything in my life at all?” Sandro recited the question. It had a great impact on him. He could feel it in his heart and soul.

“At ano'ng dapat mong isasagot?”

He shook his head. “I don't know, Donna.”

“Then stop thinking about it, Sandro. Hindi mo rin naman maiisip ang sagot dahil may ibang bumabagabag sa 'yo.”

# Chapter 1

Smile and look pretty.  
Hindi mabilang ni Sandro kung ilang beses na iyon sinabi sa kanya ni Donna bago siya nito pabayaang umalis ng opisina nang gabing iyon. She knew that he was going to attend his college grand reunion and it's killing him.

He was forty-eight years old and he should be more confident when it came to this kind of parties, but he was nervous as hell. Wala siyang ideya kung ano ang dahilan ng kabang nararamdaman niya sa mga oras na iyon.

Was it because of the years that passed by or was it because of all the what if's inside his head?

It's his college reunion and, like it or not, he's going to see some very familiar faces.

He thought of bringing Donna with him, but she declined his invitation. Ang sinabi nito sa kanya ay may mga bagay raw na dapat niyang harapin nang mag-isa. Hindi niya iyon maintindihan. Wala siyang tinakbuan. Buong buhay niya, hinaharap niya ang lahat ng ibigay sa kanya ng tadhana.

Wala siyang tinakbuan, ngunit may mga bagay

siyang kinalimutan...

“Sandro!”

Natigilan siya nang marinig ang kung sinong tumawag sa kanyang pangalan. Nilingon niya ang pinanggalingan ng tinig na iyon at natagpuan niya sa bandang kanan ang nagmamay-ari.

Isa ang taong iyon sa mga pamilyar na mukhang inasahan niyang makita sa gabing iyon. Hinandugan niya ito ng isang matipid na ngiti bago siya dahan-dahang lumapit.

“Ang buong akala ko ay hindi ka darating, Sandro.” Ngumiti si Sheryl sa kanya.

Hindi siya kaagad na nakasagot dahil hindi niya alam kung paano ba niya kakalmahin ang kanyang sarili.

He wanted to say that Sheryl was beautiful, but he’s not sure if he had the right to do that. He’s not even sure if it’s okay to stand in front of her for she was one of those persons he had to forget in order to move forward to his future.

“Kumusta ka na?” muling tanong ni Sheryl sa kanya.

“Maayos naman. Ikaw? Mag-isa ka lang?”

Hindi pa rin ito nagbabago. Palagi pa ring may nakahandang ngiti sa mukha ng babae tuwing magkausap silang dalawa. Ang mga ngiting iyon ang dahilan kung bakit sa unang beses silang nagkita ay kaagad siyang napalagay rito, at ang mga ngiting iyon ang dahilan kung

bakit sa tagal ng panahon ay nakararamdam siya ng pagsisisi dahil sa mga desisyong ginawa niya sa kanyang buhay.

Ang mga ngiti ni Sheryl ang nagsisilbing alaala ng kahapong pinili niyang kalimutan...

“Maayos naman ako. Kadalasan ay abala ako pero siniguro kong makakapunta ako dito sa reunion ngayong gabi.”

“Buti naman, Sandro. Palagi kang hinahanap ng mga kaklase natin lalo na noong unang reunion. Hinahanap ka ni Jose at saka ni Wilfredo. Naku, natutuwa silang nandito ka. Natatawa nga rin ako sa sinabi nilang ipinagpalit mo daw sila sa kompanya mo.”

Tumawa si Sheryl, gayundin ang binata. Pero ang mga tawang iyon ay may kalakip na kalungkutan at kahungkagan, isama pa ang matagal nang pangungulila sa babaeng nasa kanyang harapan.

“Ikaw lang ba mag-isa?” tanong niya kay Sheryl. Muli itong ngumiti sa kanya.

“Kasama ko si Lorenzo. Kausap niya lang sina Ricardo, nariyan lang siya.”

Napatango na lamang siya. Si Lorenzo ang asawa ni Sheryl. Hanggang ngayon ay may bigat pa rin siyang nararamdaman tuwing iisipin niyang may-asawa na ang babae.

Sheryl was the love of his life. Was nga ba? Nakaraan

na ang lahat ngunit hanggang ngayon ay may kirot pa ring dala ang katotohanang hindi silang dalawa ang naging magkasama sa huli.

Tanda niya na sobra niyang minahal si Sheryl at gayundin ito sa kanya. Tanda niya ang mga pangarap na ginawa nila nang sila ay magkasama. Tanda niya ang maliliit na detalye ng relasyon nila—maliliit na detalyeng hanggang ngayon ay hinahanapan niya ng silbi. Aanhin nga naman niya ang paboritong kulay ni Sheryl o ang kaalamang size 8 ang paa nito o ang paboritong ulam nito kung hindi rin naman silang dalawa ang magkasama sa ngayon?

Huminga nang napakalalim sa Sandro. Kahit na gustong-gusto niyang titigan si Sheryl ay hindi na iyon maaari. Habang tumatagal ay lalo lang niyang nararamdaman ang kawalan sa kanyang puso at buong pagkatao.

“Mag-iikot na muna ako. Hahanapin ko sina Wilfredo,” wika niya rito.

Tumango si Sheryl at kumaway sa kanya. Dahan-dahang lumayo si Sandro mula sa babaeng kanyang pinakamamahal. Inisip niya kung hanggang ngayon ba ay ganoon pa rin ang tama niya rito.

Nakakatawa kung tutuusin. He was already forty-eight years old and he still found himself moping for that one great love that never became his.

Kasalanan rin niya. Kasabay ng pag-abot niya sa kanyang mga pangarap ay ang paglimot niya sa pinakamamahal niya. Kinalimutan niya si Sheryl. He had a choice of going back to her before but he chose not to. He went straight to achieving his dream.

Natagpuan ni Sandro ang sarili niya sa isang sulok ng function hall na iyon—tahimik, mag-isang umiinom. Wala siyang ganang makipag-usap sa ibang tao sapagkat masyado na siyang nalunod sa mga bagay sa kanyang isipan.

Hindi niya maiwasang isipin ang mga desisyon niyang nagdala sa kanya sa sitwasyong ito. He kept on thinking about it that he didn't even realized that he was already drunk. Good thing Donna made him take his driver. Hindi siya nahirapang umuwi.

Pero ayaw niyang umuwi.

“Sir? Kailangan po nating umuwi. Nakainom na po kayo.”

“Hindi,” mabilis niyang sagot. “May pupuntahan tayo, Tony.” Sinabi niya ang lugar na kailangan nilang puntahan. Nang makarating roon ay pinahinto niya ang sasakyan sa tapat ng isang lumang bahay.

They went to the neighborhood where he grew up, but that wasn't his home. It was Sheryl and Lorenzo's home.

Hindi nagtagal ay dumating na ang mag-asawa. Bumaba silang dalawa sa tapat ng main door ng bahay.

Ang buong akala niya ay papasok na si Sheryl sa loob matapos bumaba ng sasakyan, pero hinintay pa nito ang asawa.

Sheryl met Lorenzo in the middle of the garden. They held hands. Pinanood ni Sandro kung paano isinayaw ni Lorenzo si Sheryl habang nagtatawanan ang mga ito. Bumaba siya ng kanyang sasakyan para pagmasdan ang mga ito.

Madilim na ang paligid kaya hindi siya masyadong pansin. Sa pamamagitan ng liwanag na nagmumula sa poste sa kaliwang banda ng bahay na iyon, kitang-kita niya ang masayang mukha ni Sheryl. Ngiting-ngiti ito habang iniikot ni Lorenzo, rinig niya ang tawanan ng mga ito.

He was drunk. Wasted was the right term. Suddenly, he started feeling things again... suddenly, he felt like dreaming again. Out of nowhere, he saw the boy—that version of him that was full of dreams and contentment.

He remembered the question asked by that young man two mornings ago...

He was mourning for his lost love. He got everything he wanted and more. He ditched music. He forgot about his dreams. He ran after what he needed—not what he wanted. He convinced himself that he would never regret the moment he chose this path. But as he stood in front of Sheryl's house, watching the woman he loved laughed



and danced with her husband, he knew he regretted it all.

He knew what the answer to that nagging question was...

He wanted to go back. He wanted to change every little thing. He wanted to... but he couldn't.

## Chapter 2

"**A**nd what are you doing with your life, Sandro?" Boses ni Donna ang sumalubong sa kagigising na diwa ni Sandro nang umagang iyon. He was in his room. He looked at his bedside table, but he became dizzy as soon as he moved his head.

"Ano'ng nangyari?"

Nakita niyang nakatayo ang babaeng nakasuot ng corporate dress sa dulo ng kanyang kama at nakahalukipkip. Para bang ito ang mama niya at pinagagalitan siya nito.

"Ano'ng nangyari? Sandro, do I have to repeat my question? Ilang beses para naman makasagot ka na?"

"Ano nga ba'ng nangyari?" balik niya.

Nagpakawala ito ng isang mahabang buntong-hininga. She shook her head and looked at him again.

"I asked the maids to make you breakfast. Inayos ko na rin iyong mga damit mo. You can take a bath now, Sir. You have meetings, you have more important things to do than get wasted. My God! Forty-eight ka na, Sandro, pero kung umakto ka'y para kang teenager."

"Donna..."Hindi siya pinansin ng kausap. Tinalikuran siya nito at tinungo ang pinto. He sighed. "Donna..."

“What, Sandro?” Binalingan siya nito. Ngumiti siya at huminga nang napakalalim.

“She was there.”

“I figured that out, Sandro. Hindi ka naman kasi magkakaganyan kung wala siya roon. Masakit pa ba?”

“Ang ulo ko, oo.”

“Ang puso mo,” pagtatama nito.

Hindi siya kaagad na nakasagot. But he had a strong feeling that Donna already knew the answer.

“It’s been twenty-six years, Donna, but the stinging pain is still here. S’abi ko noon, hinding-hindi ako magsisisi, but last night, I realized how much I regret what I did before. Naalala ko rin iyong bata sa office, iyong huling tanong niya, alam ko na rin ang sagot. I wanna go back and change things, Donna.”

Ngumiti ito sa kanya. “Too bad, time machines aren’t real, Sandro.”

“Yes, Donna, ’cause if it’s real then I will use all my money to buy one.”

She laughed. “Magbihis ka na, Sandro. Pinapunta ko na lang dito sa bahay mo iyong ka-meeting mo ngayong alas diez ng umaga. Alam mo naman, ayaw ni Mr. Zulueta na pinaghihintay siya.”

Tinanguan ito ni Sandro. Donna knew all the ins and outs of his house and his life. Matagal na itong nagtatrabaho sa kanya. She became his executive assistant

eighteen years ago.

He treated Donna as his family, as his best friend. Ito lang ang palaging nagtitiyaga sa kanya at sa babae lang niya nasabi ang lahat ng agam-agam niya sa buhay. She knew about Sheryl and his love for her, she knew about the decisions he made, she knew about the people he had to leave just to make it here.

Donna, right now, was his everything.

Tulad niya ay wala rin itong asawa, pero may anak ito. Tanda niya nang mapansin niyang unti-unting lumalaki ang tiyan ni Donna. Kaswal lang na sinabi nito sa kanya na buntis ito at iyong kababata nito ang ama, ngunit wala daw itong balak ipaalam sa lalaking iyon ang sitwasyon. Wala naman siyang masabi. Matapos iyon ay hindi na nila pinag-usapan ang tungkol sa ama ng anak nito.

Donna raised her kid very well; she named her Amber. Nakita niya kung paano nito pinalaki nang maayos ang anak . She did everything for her daughter and because of that, he admired her more.

Mas lalo silang napalapit sa isa't isa. Inaanak kasi niya ang anak ng babae. Tuwang-tuwa rin siya sa batang iyon. Napakabait ngunit taklesa. Manang-mana sa nanay.

Sinunod niya ang bilin ni Donna. He took a bath. He found his clothes arranged inside his walk-in closet. Si Donna ang pumili niyon.

He fixed his tie while standing in front of the mirror.

He saw his reflection—he looked like millions worth in that suit. He smiled at that thought. Never in his wildest dream did he think that he would wear one of these.

Buong akala niya, habambuhay siyang magsusuot ng rugged jeans at maluluwag na puting t-shirt.

He never thought that he'd conquer the boardroom. He had always dreamed of conquering the largest concert grounds in the country.

That was before.

Things changed, and so his dreams changed, too.

“Sir, are you ready?”

Nagulat si Sandro dahil nakita niyang nakasilip na si Donna sa pinto ng walk-in closet niya. He sighed. Ipinakita niya rito ang suot niya.

“Ready na, I guess.” But his forty-eight-year-old head was hurting like hell.

“Good. Let's start your day, Boss.” Donna gave him a knowing smile.



“You did a pretty good job today, Sandro, despite the fact that you have a hangover.”

Sandro didn't know if he'd laugh or smirk at Donna's remark. Hanggang ngayon ay masama pa rin ang lagay ng ulo niya, naparami kasi ang inom niya kagabi. Naisip rin niya nang dahil sa pag-inom na iyon ay kung ano-ano ang

naisip at naramdaman niya.

It's too late. He could never go back. Isa pa, kahit naman pagsisihan niya ang mga nagawa niya noon, hindi niya maitatangi na naging maganda ang dulot ng desisyon niya sa kanyang pamilya.

He let his dreams go because his father got very sick. He remembered how much he disliked the fact that he had to sell his very first guitar so he could buy his father's medicines. He didn't like the fact that he had to miss gigs or band practices. Siya ang panganay at noong mga panahong nasa bingit ang kanyang ama ay siya ang tanging matatakbuhan ng nanay niya.

Sa mga panahong pinangarap niyang kumanta sa entablado kasama ang banda niya, kinailangan niyang magtrabaho para makatulong sa kanyang ina.

Naging driver siya, kargador, delivery boy—lahat iyon ay ginawa niya habang nag-aaral siya. He didn't have enough time for his friends, his dreams, and even the love of his life.

He needed to man up and be the man of the house. Hindi niya alam na kasabay niyon, unti-unting mawawala ang lahat sa kanya.

Graduation noong college nang sabihin niya sa mga kaibigan niya na pupunta siya ng London para magtrabaho kasama ang tiyahin niya. Nagtampo ang mga ito sa kanya. May usapan kasi sila noon na pagkatapos na pagkatapos

ng kolehiyo ay magsisimula na silang mag-audition para sa malalaking recording company sa Pilipinas ngunit hindi siya sumama.

Inayos ni Sandro ang mga papeles niya. Nawalan na rin siya ng oras para kay Sheryl. Kasalanan niyang lahat iyon.

“You’re still thinking about it,” pukaw ni Donna sa pagbabalik-tanaw niya. Napalingon siya dito at ngumiti.

“Kumusta na ang inaanak ko?”

Ngumiti ang kausap. “Mukhang balak nang magpakasal. Inuunti-unti na yata ako, Sandro, pero wala naman akong magagawa. Malaki na si Amber. Nakakalungkot lang kasi malalayo na siya sa akin.”

“Hindi ka naman niya iiwan. Mahal na mahal ka ng inaanak kong iyon.”

Tumawa si Donna sa kanya.

“Bakit hindi ka kasi nag-asawa, Sandro?”

“Alam mo naman kung bakit, hindi ba?”

Napailing ito. “Matagal na panahon na iyon, hindi mo pa rin ba nalilimutan?”

Napaisip si Sandro kahit na alam na niya ang sagot. Hindi niya malimutan dahil sa sulok ng kanyang puso at isipan ay umaasa siyang baka mahal pa rin siya ni Sheryl hanggang ngayon, ngunit napakalabong mangyari niyon.

For years, he watched her from afar. Hindi siya nagkukulang sa pakikibalita rito. Ganoon na lang ang

sakit na naramdaman niya nang mabalitaan niya mula sa isa sa mga tao niya na ikakasal na ang dating nobya. Hindi niya matandaan kung ilang gabi siyang hindi makatulog noon.

Nagpunta pa siya sa mismong kasal nito. He stood in that corner while Lorenzo Marquez and Sheryl Aquino sealed their marriage with a kiss. He stood there feeling sorry for himself.

Inisip niya ang maaaring mangyari kung sakaling hiniling niya kay Sheryl na hintayin siya nito. He was an asshole who just left her with questions. Hindi niya alam kung dahil ba natakot siya noon o dahil sa ibang bagay pa...

Wala siyang ideya. Ang alam niya lang ay wala siyang lakas ng loob na harapin si Sheryl noong bago siya umalis patungong London. Nakakalungkot dahil napakaraming pangarap nilang dalawa ang naudlot dahil lang sa naduwag siya.

“Alam mo na iyon,” wika niya kay Donna.

They both sighed. Inihatid niya ang babae sa bahay nito. Niyakag siya nitong magkape muna ngunit tumanggi siya. May naisip siyang gawin at kilala niya ang kanyang sarili, hindi siya mapapakali hangga’t hindi niya iyon nagagawa.

Matapos makapasok ni Donna sa bahay nito ay inutusan niya ang kanyang driver na dalhin siya sa tapat



ng bahay nina Sheryl at Lorenzo. He just wanted a glimpse of the woman he loved. Alas siete pa ng gabi at alam niyang makikita niya ito.

Marahil ay nakaupo ito sa porch kasama ang alaga nilang golden retriever habang hinihintay si Lorenzo o baka nakaupo lang ito roon at nagbabasa ng libro. Siguro ay susuwertihin siya at magpapanggap siyang napadaan lang at makikipag-usap ito sa kanya...

Walang kasiguruhan. Ngunit hindi naman masamang magbakasakali.

Minutes later, he stood near the Marquez residence. His heart was beating so fast. Wala si Sheryl sa porch. Wala ring nakabukas na ilaw sa bahay ng mga ito. He wanted to see her, pero mukhang malas siya ngayong gabi. Huminga muna siya nang napakalalim bago siya lumakad patungo kung saan.

Wala pang balak umuwi si Sandro. He wanted to see his old neighborhood. Ito kasi ang lugar na unang nakaalam sa mga pangarap niya.

And he just missed it.

He found himself sitting on that old beaten bench in that old park near the house where he used to live. He sat there imagining himself playing hoops with his classmates. He was just a boy, an innocent boy with dreams. Walang responsibilidad na kailangan gawin; siya lang ang buhay at ang musikang naging takbuhan niya sa gitna ng

kanyang mga problema noon. Walang nakakaalam kung ano o saan siya dadalhin ng agos ng buhay. He loved surprises before, he really appreciated those little things. But now he realized that as he got older, he appreciated it less and less.

Tumingala si Sandro. He smiled at himself while thinking about how empty his life had become.

He worked hard for an empire that he built and yet whenever he came home at night, he had no one to welcome him.

He didn't even own a cat or a dog. He just didn't have the heart to build a relationship with any living thing inside that empty house. He could never even call that big empty house a home.

He kept thinking about the past. Siya iyong tipo ng taong kahit kailan ay hindi pinahalagahan ang maliliit na bagay na hinahanap niya ngayon. He never thought that he'd end up here always reminiscing, always hoping for things to be just like before.

Was there a way to go back?

But time machines weren't real.

"I want to go back..." he muttered.

In the middle of the night, in the midst of the silence around him, under the stars and that big full moon, he heard a soft voice. It was very feminine; it had a saccharine feel, velvety, and it's music to ears.

“I can take you back.”

Sandro turned his head to his left and he saw a very unusual young woman in a chiffon gown.

“It’s true, I can take you back.” Her eyes gleamed with... was that fire in her eyes that he saw? Or was his mind playing tricks with him again? “You can go back and change everything... you can finally have what you want. I can take you back.”

He didn’t know what to say, but his eyes widened right after seeing those tiny lights coming out of her fingers.

“I can take you back, Sandro.”

Was he dreaming?

The unusual young woman smiled at him again. He saw that tiny fire in her eyes once more. What the hell was happening? He was dumbstruck. He blinked thrice, expecting that the figure would disappear but she’s still there.

She looked at him. Ni hindi ito kumukurap.

Was he drunk? Did he had anything alcoholic before coming here? Was he really seeing this?

“I can take you back, Sandro.” This time, the young woman’s voice echoed everywhere. Napatayo siya.

“What is happening?” he spoke a bit louder this time. The unusual young woman giggled.

“Akala ko ba nais mong bumalik? Ibabalik kita.”

Nanlaki ang mga mata niya. He felt really odd.

Agad siyang tumakbo palayo, pabalik sa lugar kung saan niya iniwan ang sasakyan niya kasama ang kanyang driver. He looked back, expecting to see the young woman, but all he saw was a glimpse of light.

The wind blew hard that moment. He suddenly could hear voices everywhere. He tried shaking it off, but he kept on hearing it. Sandro closed his eyes. Iyon ang rason kung bakit bigla siyang nadapa. Nakita naman kaagad siya ng driver niya at mabilis itong lumapit. Tinulungan siya nito at inalalayan patayo.

“Sir, okay lang ba kayo?”

Hindi kaagad siya nakasagot. Muli niyang nilingon ang lugar na pinanggalingan niya kanina. Wala siyang nakita kundi ang daang walang tao at ang mga ilaw sa poste.

“Sir, okay lang po ba kayo?” Muli niyang narinig ang boses ng kanyang driver.

“Let’s go home. Ceasar.” Kabado siya at naguguluhan, ngunit pinilit niyang iwaglit sa kanyang isipan ang mga naganap.

Nananaginip lang siguro siya.

## Chapter 3

Sandro didn't have a decent sleep that night. He kept seeing the face of that unusual young woman. Her eyes haunted his dreams and her purpose gave him a bit of hope. Hindi naman siya dapat maniwala. Ni wala siyang ideya kung totoo ba ang naganap kagabi o sadyang lasing lamang siya kaya nangyari iyon.

Pero... hindi siya uminom. Tinapos niya ang meeting kasama ang ilang investors kahapon, inihatid niya si Donna sa bahay nito noong gabi at wala na siyang ibang pinuntahan kundi ang bahay ng mga Marquez na tiningnan lang niya.

Hindi siya nakainom.

Maybe he was going crazy. Maybe life was finally f\*cking with him and his sanity was being affected. Maybe he needed to see a psychiatrist.

“Sandro.”

Nakita niyang pumasok si Donna sa office niya. She was holding some papers. He looked at her.

“Good morning. I asked Amber to visit you. Magiging busy na kasi siya the following days. Magpapakasal na ang loka.”

He knew that she was saying something, but he wasn't listening. Napako ang tingin niya sa waiting area sa labas ng office. There was this familiar figure of a woman. She was standing right outside his door.

Hindi matandaan ni Sandro kung saan niya ito nakita noon, but he knew that he had seen her before. The woman wore a pair of faded jeans and a tattered pair of rubber shoes. Pink ang t-shirt na suot nito na may nakalagay na *NSTP* sa likod.

Trainee ba iyon?

Nakataas ang buhok nito at tila ba may hinahanap kung saan.

He was anticipating the moment that she would look at his direction and when she finally did, muntik na siyang mahulog sa kinauupuan niya.

“Sheryl!” Napasigaw siya.

Donna seemed shocked by his actions. Kahit ito ay napalingon sa labas. Mabilis siyang humakbang patungo sa pinto, ngunit pagdating niya roon ay wala na siyang nakita kundi ang mga empleyado ng kanyang kompanya.

“Ano’ng nangyayari?” usisa nito.

“Hindi mo ba nakita? Nandito si Sheryl.”

Tumaas ang kilay nito at humalukipkip.

“Lasing ka ba, Sandro, o puyat? Either way, hindi ka pwedeng magsisigaw diyan sa labas. Nakakahiya baka isipin ng mga tao mo, maluwag na ang turnilyo mo,”

wika nito at napailing. “Pirmahan mo ang mga papeles na ito, at kailangan nang sumahod ng mga tao. Baka mamaya batuhin na nila ako ng kamatis kung wala silang matanggap na sweldo. I need that before lunch para maipadala ko na sa accounting department. Please, be your real self, Sandro. Para kang baliw.”

He swore he saw Sheryl. Nakatayo ito sa malapit sa pinto ng opisina niya. Nakatingin ito sa kanya. Hindi nga lang ito ngumiti, pero alam niyang si Sheryl iyon.

Bumalik ang binata sa kinauupuan niya at pinirmahan na lang ang mga papeles na dala ni Donna. Panaka-naka ay tumitingin siya sa pintuan, hoping that he'd see Sheryl again pero hindi na ito bumalik.

Natapos ang araw niyang naghihintay siya. Siguro ay may kailangan ito o baka may sasabihin kaya nagpunta dito. Pinigilan niya ang sariling tawagan ito para tanungin. Kung sakali man na sumagot ito, ano ang sasabihin niya? Kung hindi naman ito tumuloy sa pagkausap sa kanya, wala na siyang magagawa but still, she should've said something.

Umuwi siya sa bahay niya. When he entered his dining area, he was surprised to see Amber and Donna preparing food.

“Ninong!” Amber greeted him. Kahit paano ay nawala ang kalungkutan niya. Yumakap sa kanya ang inaanak niya. He kissed her forehead and smiled at her.

“Ang laki mo na talaga, inaanak. Buti naman at naisip mo akong dalawin,” sabi niya rito. Amber giggled.

“Magpapakasal na ako, Ninong. S’abi ni Mommy, magpaalam ako sa ’yo, plus, I want you to walk me down the aisle. Ikaw kasi ang pinaka-tatay ko, Ninong.” She even smiled at him. Napabuntong-hininga si Sandro.

Mahal na mahal niya si Amber. She’s the closest thing he had to a daughter.

“Sino ang maswerteng lalaki?”

“You’ll meet him soon, Ninong. But we have to eat first.” Niyakag na siya nito sa mesa. Si Donna ay ngiting-ngiti habang nakatingin sa kanila.

Masaya siyang kasama ang mag-ina. Ang mga ito ang itinuturing niyang pamilya. He didn’t mind spending Christmas with them, or any other special occasion.

Matapos kumain ay nagkape sila sa living room. Amber was browsing some of his photo albums. Si Donna naman ay nagbabasa ng magazine habang nakikipag-usap sa kanya.

“How’s the Montalbo accounts?” he asked her.

“Pretty good. Sequia is on it and we’ll update you, maybe two or three days from now.”

“I see.” Napatango siya. He looked at Amber lovingly. “I am still considering Amber as my heir.”

Donna looked at him. Her mouth parted a bit.

“No...” iling nito. “Hindi kailangan ni Amber ang



mga ito.”

“And do you expect me to just let all this money go to waste, Donna?” Sandro looked at her. She was a bit teary-eyed.

“We don’t have to talk about it right now.”

“Why not?”

“It sounds like you’re already saying goodbye. Sandro, tumatanda pa lang tayo, wala kang sakit, ’wag kang magsalita na para bang mamamatay ka na bukas.” Nakita niyang tumulo ang luha ni Donna. Hindi kaagad siya nakapagsalita. She walked out.

“Ma?” tawag ni Amber but she dismissed her own daughter. Napabuntong-hininga na lamang ang binata. “What happened, Ninong? Magkausap lang kayo, ah.”

“Pangarap yata talaga ng mommy mong maging dramatic actress.” Sandro smiled at his goddaughter. “What’s that?” aniya habang nakatingin sa mga litratong tinitingnan nito.

“I saw these pictures of you way back when you were a lot younger. See, Ninong? Bakit hindi ka kasi nag-asawa?” Amber giggled at him. Tumungo ang mga mata niya sa mga litratong itinuro nito.

He scanned those but then, his eyes stopped at a particular picture.

Iyong picture ni Sheryl habang suot nito ang faded blue jeans, white rubber shoes at iyong pink *NSTP* t-shirt

nito. Napaawang ang kanyang mga labi. It's the exact image that he saw earlier this morning in his office!

He was dumbfounded. Inalala niya sa kanyang isipan kung ano ang nakita niya, kung nakita nga ba talaga niya ang hitsurang ito ni Sheryl o baka namalikhata siya.

Suddenly, the image of that unusual young woman in a chiffon dress crossed his mind.

Maybe it wasn't a dream. Maybe he really saw that young woman. Maybe the fire in her eyes were real and that she had come to haunt him.

"Ninong, are you alright?"

Kumurap-kurap siya. "Yes, Amber. Mabuti pa at puntahan mo na ang mommy mo. Lambingin mo muna siya." He tried to smile at her.

Tumayo agad si Amber. Hinagkan muna siya nito sa noo at umalis na. Naiwan sa harapan niya ang mga litratong alaala ng kanyang kabataan.

Hindi maalis ang tingin ni Sandro sa particular na litratong iyon ni Sheryl. He took a deep breath. Isinara niya ang photo album at nagdesisyong huwag nang isipin ang mga bagay na iyon. He was just seeing things and this didn't mean anything.

Maybe he just missed Sheryl a lot. Maybe regret had finally caught up with him and he was thinking about her and the what ifs in his life.

He should really stop thinking about a lot of things

and focus on his present.

He decided to join the two in the pool area, pero naisip niyang kuhanin muna ang regalo niya para kay Amber. Hindi niya palalagpasin ang gabing ito na hindi niya naibibigay iyon sa kanyang inaanak.

He went upstairs to get it from his room. But when he entered, halos mapasigaw siya nang makita ang babaeng iyon na nakahiga sa kanyang kama.

“Kumusta, Sandro?”

His mouth parted. Right in front of him was the unusual young woman in that chiffon gown. Napahawak siya sa pinto. Ang lakas ng kabog ng dibdib nia.

“Hindi ka ba masayang makita ako?”

“Sino ka?” He finally got the courage to ask. She climbed down the bed and stood before him. He could see those little fire in her eyes. He asked himself again if those were real, but it was too intense for it not to be real.

“Ako si Rea,” sagot nito. “And if you’re wondering about the fire in my eyes, totoo iyan.”

“Sino ka? Ano’ng kailangan mo sa akin?”

She playfully jumped.

“Wala akong kailangan sa ’yo, Sandro. *Ikaw* ang may kailangan sa akin.”

Hindi niya maintindihan ang sinasabi ng babae. Nakatitig lamang siya sa huli. Iniisip niya kung nakainom na naman ba siya o kung nananaginip siya. Pero ang alam

niya ay hindi pa siya matutulog. Hindi pa siya tulog. Ang naalala niya ay umakyat siya papunta rito sa kuwarto niya upang kunin ang regalo para kay Amber. And now, this.

“Nananaginip lang ako,” aniya.

The young woman in that chiffon dress raised her left hand. Suddenly, those tiny lights appeared on the tips of her fingers. Asul ang ilaw na iyon. Itinapat nito ang kamay sa kanyang mukha upang mas makita niya ang nasa mga daliri nito.

“Mas totoo pa ako kaysa sa mga kaibigan mo, Sandro.”

Lalong naguluhan ang binata. Umiling siya. Hindi ito nangyayari! Nilagpasan niya ang babaeng iyon at hinanap ang regalo para kay Amber.

“I can take you back,” anas ni Rea. Noon siya napalingon sa kinatatayuan nito.

“Time machines aren’t real. Paano mo ako ibabalik?”

“Hindi time machine ang sagot sa problema mo. Time travel.”

Tumawa siya nang sarkastiko. Paano makakapag-time travel kung walang time machine? Mayaman siya, kaya niyang bilhin ang lahat ng bagay na kailangan at gusto niya sa mundong ito, at kung sakaling may paraan para bumalik sa nakaraan at baguhin ang mga desisyon niyang nakaapekto sa kasalukuyan niya, bakit hindi?

Sandro dreamed of being happy. Napakasimpleng bagay ngunit napakahirap matupad. Hindi rin niya alam

kung bakit nauwi siya sa ganito. He promised himself that he would never regret his decisions before, pero heto siya at nangangarap ng ikalawang pagkakataon para sa kanyang kaligayahan.

“Gusto mong bumalik, hindi ba?” tanong muli ng babae. “Kung may pagkakataon ba, kung may isang nilalang na magbibigay sa ’yo ng pagkakataon, hindi ka ba babalik?”

“Paano?” For the first time in twenty-seven years, he felt like he was speaking by heart again.

“Magic.”

Napakunot ang kanyang noo. “Magic? Pinaglolo-loko mo ba ako?!” asik niya. “Umalis ka na!”

“Hindi ka naniniwala sa magic, Sandro? The fire in my eyes, hindi pa ba sapat iyon para maniwala ka sa magic?”

“Hindi totoo ang magic. Umalis ka na bago ako tumawag ng security at ipakaladkad ka palabas dito. Hindi ko alam kung paano ka nakapasok dito, pero hanggang may pagkakataon ka pa, umalis ka na!”

She gave him false hope.

“Sandro, maraming bagay sa mundo ang hindi pinaniniwalaan ng nakararami, pero hanggang may isang pusong busilak ang naniniwala sa mga ito, hindi iyon mawawala. Ang mga busilak ang nagpapanatili ng kagandahan ng mundo, at sa tingin ko hindi ka na kaisa sa kanila, Sandro. Ano’ng nangyari sa ’yo?”

Kung makapagsalita ito ay para bang kilalang-kilala na siya nito.

“You don’t know that. Umuwi ka na!”

“Malayo ang bahay ko, Sandro.” Napansin niyang itinuro nito ang bandang itaas. Was she implying that she lived in... heaven?

“Ano ka? Fallen angel?”

“Nope. That’s my brother. He started rebellion eons ago and Silver City was never the same again.”

“What?” naguguluhang tanong niya.

“Basta hindi ako uuwi,” mariing sagot nito. “I can give you a second chance. With a snap of my fiery fingers, I can take you back.”

“This... this is not real.”

“Hah! You want proof?”

“Yes!” he insisted.

“As expected! Lahat naman ng tao gusto ng ebidensya bago maniwala. Nakakatawa nga dahil naniniwala kayong lahat sa isang Supreme Being na maski sino sa inyo ay hindi ninyo nakita and yet you live by His commandments, by His teachings, by His book... pero ang isang ganito, hindi mo kayang paniwalaan. You’ve lost faith, Sandro.”

“This is magic. Iba ang magic sa religion.”

“Yes, you’re right. But how come you believe in Him, but you don’t believe in second chances? He gives everyone second chances. Hindi mo ba naisip iyon? That maybe I

am your leverage.”

The fire in her eyes intensified. Noon naisip ni Sandro na hindi tao ang kaharap niya. She looked young but she talked as if she was a lot older than him. Could it be possible?

“Take my hand, Sandro... take my hand and I will take you back.”

He just looked at the young woman. Tila ba nahihipnotismo siya habang dahan-dahan niyang inaabot ang kamay nito. Nakita niyang ngumiti si Rea. Nang magdantay ang mga palad nila ay nakaramdam siya ng kuryente. Hindi ito tulad ng nababasa sa mga romance novels na klase ng kuryente. Talagang nakuryente siya!

“Wag kang bibitaw, Sandro.”

Iyon ang mga salitang huling narinig ni Sandro bago siya tuluyang mawala. Hindi niya alam kung ano ang eksaktong nangyayari, pero napuno ng liwanag ang kanyang silid—asul na liwanag na nakakaakit tingnan na dahan-dahang lumulukob sa kanyang buong pagkatao, na humihigop hanggang sa kaliit-liitang bahagi ng kanyang katawan.

Napatingin siya sa kanyang kaliwa. Naroon ang dalaga. Nakangiti ito habang nakatingin sa magkadaupang nilang mga palad.

“Second chances, Sandro. Just have faith.”

Faith? What for? Hindi niya masagot.

Tuluyang nawala ang binata. Hindi niya alam kung saan siya dadalhin ng pangyayaring ito sa buhay niya, ngunit isa lang ang alam niya, nananaginip siya. Hindi totoo ang magic at hindi totoo ang babaeng may apoy sa mga mata nito...

He woke up with the biggest headache ever. Sandro couldn't even open his eyes but he had to. He knew he had a very important meeting on that day and he was already late. Nagtaka pa nga siya dahil hindi man lang siya tinawagan ni Donna para gisingin, hindi rin niya narinig ang alarm niya. Kung tutuusin, hindi niya matandaang natulog siya kagabi, ni hindi niya tanda kung ipinahatid niya ang mag-ina pauwi sa bahay ng mga ito.

Iminulat niya ang kanyang mga mata at kinusot ang mga iyon. For a moment there, he was astonished with his surroundings. He found himself inside his old room with his old stuff. He was lying on his old bed, and on his left was his old bedside table. Sa tabi niyon ay ang luma niyang gitara.

Napanganga siya. Muli niyang kinusot ang kanyang mga mata. Nananaginip na naman ba siya? Mukhang kailangan na talaga niyang magpunta sa isang psychiatrist dahil sa kung ano-ano ang napag-iisip niya.

"I must be dreaming..." Tumingin siya sa kama. Muli siyang humiga at sinubukang matulog. Ngunit bago pa man siya pumikit ay biglang bumukas ang pinto ng



kanyang lumang silid at pumasok ang kanyang nanay, si Aling Melina.

“Sandro, ano ba? Kanina ka pa kinakatok ni Olga! Bumangon ka na at mawawalan ng tubig! Mag-iigib ka pa ng panligo natin! Tumayo ka na diyán!”

Sumara ang pinto pero hindi ang bibig ni Sandro. Nanlalaki rin ang mga mata niya. Mabilis pa sa alas kuwatro na tumayo siya at hindi mapakaling nagpalakad-lakad siya sa silid niya.

Ano ang nangyayari?!

He found a calendar.

Tumayo siya sa tapat niyon. Nanlaki ang kanyang mga mata nang napagtanto kung ano ang nangyari.

June 28, 1991.

“1991?!” Tumingin siya sa salamin at napasinghap nang makita niya ang kanyang hitsura.

He was twenty-one again. He was his twenty-one-year-old version of himself!

“Tang-ina!” Napasigaw siya sa pagkabigla. Kasabay niyon ay ang muling pagbukas ng pinto ng kanyang silid.

“Ano, Sandro?! Mananalamin ka pa! Aba’y lahat tayo ay may pasok! Mag-igib ka na!” sigaw muli ng nanay niya. Nakatitig lang siya dito—hindi makapaniwala sa mga nangyayari.

Naalala bigla ni Sandro na hindi man lang niya nakasama ang kanyang nanay noong araw na namaalam

ito sa mundo. Wala sa loob na inilang hakbang niya ang kinatatayuan nito at niyakap nang mahigpit.

“Good morning, 'Nay,” pigil ang luhang bati niya dito. “Mag-iigib na ako.”

Ayaw niyang kumalas ngunit kailangan. Lumakad na siya pero nilingon niya ang kanyang ina.

Wala siyang ideya kung ano ang nangyayari, pero masarap sa pakiramdam na mayakap niyang muli ang nanay niya.